ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LV Blg. 9
Mayo 7, 2024
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Uring manggagawa, magmartsa sa unahan ng paglaban sa imperyalismo

Sa nagdaang mahigit apat na dekada, winasak ng mga patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon ang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitikang mga karapatan ng mga manggagawa. Walang habas ang pandarambong at pang-aapi sa mga atrasadong bansang malakolonyal at malapyudal tulad ng Pilipinas, at sinagad ang pagkamkam ng labis na halaga mula sa lakas-paggawa ng mga manggagawa.

Biktima ang mga manggagawang Pilipino ng todo-todong neoliberal na pag-atake mula pa noong huling bahagi ng dekada 1980. Lumaki nang lumaki ang agwat sa pagitan ng sahod at ng gastos sa pamumuhay ng mga manggagawa sa Pilipinas. Ginahis ng pasismo ang mga unyon na tanging sandata ng mga manggagawa para ipaglaban ang tamang sahod at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan.

Binago ang mga batas at patakaran sa paggawa upang bigyang-daan ang todong pang-aaping neoliberal, mula sa "regionalization" ng sahod, pagpapatupad ng "floorwage" at "two-tier" na sistemang pasahod, at iba pang mga iskema para hilahin pababa ang sahod. Lumaganap ang iba't ibang anyo ng "flexible labor", kabilang ang kontraktwalisasyon sa paggawa, "compressed work week," "outsourcing," at iba pang sistemang lalong nagpasahol sa kundisyon ng mga manggagawa at yumurak sa kanilang mga karapatan.

Sumasadsad ang mga pamantayan sa pamumuhay ng mga manggagawa, laluna sa harap ng matarik at walang tigil na pagtaas sa presyo ng pagkain, langis, at iba pang pangunahing pangangailangan sa nakalipas na dalawang taon sa ilalim ng rehimeng Marcos. Sa kantidad at kalidad, dumaranas ang mga manggagawa at ang kanilang mga pamilya ng mas mababang antas ng pamumuhay, sa usapin ng edukasyon ng kanilang mga anak, pagkain at nutrisyon, pangangalagang pangkalusugan, at akses sa mga pampublikong yutiliti at serbisyo. Walang impok at lubog sa utang ang mga manggagawang Pilipino at ang kanilang mga pamilya.



Nagtetengang-kawali si Marcos sa sigaw ng mga manggagawa para sa umento sa sahod, alinsunod sa patakaran ng kanyang rehimen para sa murang lakas-paggawa bilang susing bahagi ng kanyang anti-nasyunal na layuning akitin ang mga dayuhang mamumuhunan. Lalong tumitindi ang pampulitikang panunupil sa mga lider at organisador na tinatarget ng paniniktik, pang-aatake, pang-aaresto, pagdukot at ekstrahudisyal na pamamaslang ng mga pasistang galamay ni Marcos.

Abala ngayon ang rehimeng Marcos na baguhin ang konstitusyon ng 1987 upang lalo itong iayon sa interes ng mga dayuhang kapitalista. Kasabay ito ng paglilingkod ni Marcos sa mga layuning heyopulitikal ng imperyalismong US, at pagpapagamit sa Pilipinas sa panguupat nito ng gera sa karibal na imperyalistang China. Libu-libong tropang Amerikano ang nakabase ngayon sa Pilipinas.

Sa harap ng lumalalang mga

anyo ng pagsasamantala at paglubha ng kalagayang pang-ekonomya, tumitinding pampulitikang panunupil at lubos na paninikluhod ng rehimeng Marcos sa imperyalismong US, ang kilusang manggagawa sa Pilipinas ay dapat na tumayo nang mas matatag sa unahan ng pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya.

Dapat ubos-kayang sikapin ng mga manggagawang Pilipino na mag-organisa at bumuo ng kanilang mga unyon o mga pampulitika, pangkultura at iba pang tipo ng organisasyong masa sa kanilang mga pabrika at komunidad. Dapat pukawin, organisahin at pakilusin ang masang manggagawa upang ipaglaban ang makatarungang sahod katumbas ng minimum na ₱1,200 kada araw na humigit-kumulang ay halaga ng arawang gastusin ng lima-kataong pamilya.

Ang pakikibaka para sa makatarungang sahod ay paggigiit ng karapatan ng mga manggagawa para sa makataong pabahay, libre o abot-kayang serbisyong pangkalusugan at edukasyon, sapat na pagkain, malinis na tubig, kuryente at iba pang saligang karapatang panlipunan at pang-ekonomya. Ang mga karapatang ito na noo'y kinikilala ay malawakang niyurakan at ipinagkait sa panahon ng neoliberalismo. Panahon nang ito'y muling igiit at ipaglaban.

Walang ibang paraan na ipaglaban ang makatarungang sahod at mga karapatan ng mga manggagawa kundi sa pamamagitan ng kanilang militanteng pagkilos. Hawak nila ang kapangyarihang patakbuhin, pabagalin o pahintuin ang produksyon sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng sama-samang pagkilos hanggang sa pagwelga.

Dapat mahigpit na ikawing ang pakikibakang pang-ekonomya ng mga manggagawa sa maiinit na isyung panlipunan at pampulitika na kinakaharap ng buong bayan. Ang lakas ng uring manggagawa ang pangunahing inaasahan ng sambayanang Pilipino sa paglaban sa pakanang "chacha" ni Marcos at sa lumalaking banta sa kasarinlan at kaligtasan ng bansa bunga ng pang-uudyok ng gera ng imperyalismong US.

Dapat palakasin ng mga manggagawa ang kanilang tinig at iabante ang pinakamatalas na pambansa-demokratikong pagsusuri at mga panawagan. Ang kanilang mga unyon at mga samahan ay dapat puspusin ng makabayan at demokratikong diwa, at ng militante at rebolusyonaryong determinasyong lumaban. Dapat silang tumayo sa unahan ng dumadagundong na martsa ng paglaban ng sambayanang Pilipino, at kaisa ng pakikibakang demokratiko at anti-imperyalista sa iba't ibang panig ng mundo.

Sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, dapat magbalik-aral sa kasaysayan ang mga manggagawa upang muli nilang mabatid ang kanilang kapangyarihan na baguhin ang mundo at wakasan ang sistemang mapagsamantala. May mga kabiguan man at pag-atras, hindi niyon binabago ang saligang katotohanan na sa ilalim ng pamumuno ng uring manggagawa, nagtamasa ang sangkatauhan ng wala pang kapantay na pag-unlad, pagkakapantay-pantay, katarungan at kalayaan.

Ang lalong pagsahol ng kalagayang pang-ekonomya at pampulitika ng mga manggagawa, mga magsasaka at iba pang demokratikong sektor sa Pilipinas ang nagtutulak sa kanila na tumindig at lumaban. Upang sumulong, dapat nilang itakwil ang mga hungkag na pangako ng rehimeng US-Marcos, at ang repormismo ng mga dilawang lider at oportunistang bumubuo ng aristokrata sa paggawa na sumasagka sa pagbubuo ng kanilang makauring kamulatan.

Hindi mapipigilan ng panunupil ng rehimeng Marcos ang determinadong pagsulong ng sambayanang Pilipino sa landas ng pambansa-demokratikong pakikibaka, mula sa sama-samang paglaban sa kalunsuran, hanggang sa armadong pakikibaka sa kanayunan.

Determinado ang Partido na pamunuan ang uring manggagawa at sambayanang Pilipino sa pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan, at gabayan sila sa kanilang mga pakikibakang antipasista, anti-imperyalista at antipyudal, at para isulong ang pakikibaka para sa pambansang demokrasya at sosyalismo. AB


ANG Bayan

Tomo LV Blg. 9 | Mayo 7, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.


# Nilalaman


**Editoryal:** Uring manggagawa, magmartsa sa unahan ng paglaban sa imperyalismo 1
Buklurin ang lakas ng uring manggagawa 3
Mga protesta 4
3-araw na protesta kontra *jeepney phaseout* 4
Mga protesta sa mga unibersidad sa US 4
"Makasaysayang aktibidad" ng Balikatan 5
Kasong "terorismo" laban sa mga progresibo 6
Mga protesta kontra Balikatan 39-24, inilunsad 6
20th IB, salot sa Northern Samar 6
Pagpupugay para kay Ka Lalay 7
Ika-51 anibersaryo ng NDFP, ipinagdiwang 7
Sa madaling salita 8
Ika-40 Araw ng Cordillera, ipinagdiwang 9
Armadong kilusan sa Myanmar 10



Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# Buklurin ang lakas ng uring manggagawa—RCTU

Sa paggunita ngayong taon sa Pandaigdiang Araw ng Paggawa, pinagtibay ng Revolutionary Council of Trade Unions (RCTU) ang rebolusyonaryong tungkulin nito na palalimin ang pagsipat at pagsisiyasat sa kalagayan ng uring manggagawa para pasiglahin ang kanilang paglaban. Ang nagkakaisang interes ng mga manggagawa para sa pagpapataas ng sahod, pagpapababa ng presyo ng bilihin, maayos at ligtas na kalagayan sa paggawa, karapatang mag-unyon, katiyakan sa trabaho, at iba pang demokratikong kahilingan ang unang hakbang sa pagbubuklod ng kanilang lakas.

Matatag na naninindigan ang RCTU sa makatarungang pagsusulong sa pambansang minimum na sahod na katumbas ng nakabubuhay na sahod; paglaban sa lahat ng porma ng pananamantala, panggugulang, at pag-atake ng pinagsanib na pwersa ng estado at mga kapitalista. Tungkulin nitong abutin ang pinakamalawak na bilang ng mga manggagawa, unyonisado man o hindi, o kahit ang mga nakapaloob sa mga dilawang unyon.

Sa dalawang taon ni Marcos Jr sa pwesto, nasa abereyds na ₱43-₱44 lamang ang itinaas ng sahod sa buong bansa. Sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin, mabilis na naaagnas ang totoong halaga ng sahod ng manggagawa. Ang kasalukuyang ₱610 na minimum na sahod sa National Capital Region ay may totoong halaga na ₱502 lamang.

Nananatiling tikom ang bibig ng rehimeng Marcos sa pagtataas ng sahod ng mga manggagawa tungo sa totoong nakabubuhay na sahod sa halagang ₱1,200 at pagpapatupad ng pambansang minimum na sahod. Kung tutuusin, napakaliit ng halagang ₱1,200 kumpara sa limpak-limpak na yamang nililikha ng mga manggagawang Pilipino para sa mga kapitalista.

**Laban para sa nakabubuhay na sahod**

Noong Mayo 1, iba't ibang grupong manggagawa sa ilalim ng National Wage Coalition ang magkakasamang nagmartsa sa Metro Manila para ipanawagan ang pagtataas ng arawang sahod sa bansa. Itinulak nila ang kagyat na pagsasabatas ng hindi bababa sa ₱150 *across-the-board* na dagdag sa minimum na sahod bilang paunang hakbang sa pagkamit ng nakabubuhay na sahod. Binubuo ang koalisyon ng Trade Union Congress of the Philippines, Kilusang Mayo Uno (KMU), Bukluran ng Manggagawang Pilipino, at Nagkaisa Labor Coalition.




Sa pampublikong sektor, ipinanawagan ng mga kawani ang pagtataas ng sweldo tungong ₱33,000 kada buwan sa pamamagitan ng pagsasabatas ng isang panibagong Salary Standardization Law (SSL). Giit naman ng mga guro na itaas ang sweldo ng mga bagong guro tungong ₱50,000.

Bandang tanghali, nagmartsa ang libu-libong manggagawa at iba pang sektor sa pangunguna ng KMU at Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) patungo sa US Embassy para batikusin ang kasalukuyang nagaganap na Balikatan Exercises 39-24 sa pagitan ng mga pwersang militar ng US at Pilipinas. Kinundena nila ang pagyurak ng imperyalistang US sa soberanya ng Pilipinas at pagkaladkad sa bansa sa pinatitindi nitong gitgitan sa katunggaling imperyalistang China. Binatikos rin nila ang isinusulong ng rehimeng Marcos, sa tulak ng US, na *charter change* (*chacha*).

Tinangkang harangin ng mga pulis ang martsa, at binomba ng tubig para buwagin ito. Anim na mga kabataang aktibista, na binansagang Mayo Uno 6, ang inaresto at ikinulong. Aabot ng ₱252,000 ang itinakdang pyansa para mapalaya sila.

Ginunita din ang araw ng mga manggagawa sa mga protesta sa Angeles City, Calamba City, sa Rosario sa Cavite, Legazpi City, Cebu City, Iloilo City, Bacolod City at Davao City. Bago ang protesta noong Mayo 1, kabi-kabilang aktibidad din ang isinagawa ng mga manggagawa at kawani.

Sa labas ng bansa, isinagawa ang mga aktibidad sa 15 sentro ng protesta sa US, sa Australia, Hong Kong, Japan, South Korea, at New Zealand sa pangunguna ng Migrante International. AB

**Earth Day: Protesta kontra reklamasyon.** Nagsama-sama ang mga mangingisda, grupong maka-kalikasan, mga taong-simbahan at residente ng mga komunidad sa paligid ng Manila Bay sa isang porum at protesta sa Caloocan City at Navotas City noong Abril 20, bilang bahagi ng paggunita sa Earth Day noong Abril 22. Iginiit nila ang kagyat na pagpapatigil sa mapangwasak na Navotas Bay Reclamation Project at iba pang reklamasyon at *dredging* sa Manila Bay at sa ibang bahagi ng bansa.

**Ilitaw si William Lariosa.** Muling ipinanawagan ng Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao Region at Anakbayan-Southern Mindanao sa isang protesta noong Abril 25 sa Davao City ang kagyat na paglilitaw sa dinukot na organisador ng mga manggagawa na si William Lariosa, 63. Dinukot siya ng mga ahente ng 48th IB noong Abril 10 sa Barangay Butong, Quezon, Bukidnon.

**Piket para sa CBA.** Muling nagprotesta ang mga manggagawa ng PhilFoods Fresh Baked Product Inc sa National Conciliation and Mediation Board Region IV-A sa Calamba, Laguna noong Abril 24 para kundenahin ang *deadlock* o pagtanggi ng kapitalista ng PhilFoods na ibigay ang dagdag sahod at mga benepisyong hinihingi nila sa kanilang CBA.

**Ika-31 Pandaigdigang Araw ng Malayang Pamamahayag.** Nagsagawa ng protesta ang mga mamamahayag at estudyante sa pamamahayag noong Mayo 3 para gunitain ang ika-31 Pandaigdigang Araw ng Malayang Pamamahayag. Inilunsad nila ang pagkilos sa UP Diliman at sa Boy Scout Monument sa Quezon City at nanawagan ng hustisya para sa lahat ng pinaslang na mamamahayag at biktima ng paglabag sa karapatan sa malayang pamamahayag sa bansa. Sa unang 22 buwan sa poder ng rehimeng Marcos, naitala ng mga grupo ang 135 insidente ng paglabag sa karapatan sa malayang pamamahayag.

## 3-araw na protesta kontra *jeepney phaseout*

NOONG MAYO 1, kasamang nagmartsa ng mga manggagawa ang mga drayber at opereytor ng dyip sa ilalim ng grupong Piston at Manibela para ipabasura ang Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP) at kaakibat nitong pwersahang konsolidasyon ng prangkisa. Ito ang kulminasyon ng kanilang 3-araw na tigil pasada at kampuhan. Giit nila na ibalik ang 5-taong indibidwal na prangkisa para sa kanilang kabuhayan.

Sa unang araw noong Abril 29, itinayo ng mga samahan ng mga drayber at opereytor, kasama ang kabataan at kanilang mga tagasuporta, ang mga sentro ng welga sa mga susing lugar sa Metro Manila at Southern Tagalog. Itinayo nila ang kampuhan sa Liwasang Bonifacio sa gabi nito.

Ikinasa rin ang tigil-pasada at mga pagkilos sa Baguio City, sa Calamba, Sta. Rosa, at Cabuyao sa Laguna, sa Rizal, Legazpi City, Cebu City, Bacolod City, Iloilo City at Davao City.

Nagsumite naman noong Abril 29 ang Piston ng karagdagang petisyon sa Korte Suprema para maglabas ng *temporary restraining order* laban sa PUVMP. Bago nito, nagpiket rin sila sa korte noong Abril 23 para itulak itong magdesisyon sa nauna nilang petisyon.

Samantala, muling nagprotesta ang mga drayber at opereytor na kasapi ng Manibela sa Metro Manila noong Mayo 6.

## Mga protesta sa mga unibersidad sa US laban sa henosidyo ng Israel, dinahas

LIBU-LIBONG ESTUDYANTE at mga guro sa ilang pangunahing pamantasan sa US ang naglunsad ng panibagong serye ng mga protesta para itulak ang mga administrasyon ng mga unibersidad na iatras ang suporta at pamumuhunan ng mga ito sa Zionistang Israel. Maraming unibersidad ang mahigpit na nakikipagtulungan sa industriyang militar ng US, at sa gayon ay may pananagutan sa henosidyo ng Israel sa Gaza.

Sa utos ng gubyernong Biden, pinasok at marahas na binuwag ng mga pulis ang mga protesta sa naturang mga unibersidad.


Pinakatampok ang kampuhang itinirik ng mga estudyante at guro sa Columbia University sa New York noong Abril 25. Marahas na binuwag ng mga pulis ang kampuhan at maraming estudyante ang inaresto at kinasuhan.

Liban sa Columbia, signipikante rin ang mga pagkilos sa 18 pang malaking unibersidad sa iba't ibang bahagi ng US mula Abril hanggang sa kasalukuyan. Sinalubong rin ang mga ito ng mararahas na aksyong pulis, na labag sa kalayaang pang-akademiko at nagsapanganib sa buhay at kagalingan ng mga estudyante at guro.

Kumalat na sa mga unibersidad sa ibang bahagi ng mundo ang mga protesta at kampuhan. Nagkaroon na ng katulad ng mga protesta sa loob ng malalaking unibersiad sa Australia, France, Italy, Poland at Britain. Tulad sa US, iginigiit ng mga estudyante na putulin ng mga unibersidad ang ugnay sa pinansya sa Israel na nakikita nilang pagsuporta sa henosidyo sa Gaza.

Sa huling tala noong Mayo 2, di bababa sa 35,000 sibilyang Palestino na ang pinatay ng mga Zionistang pwersa sa walang awat na pambobomba at pang-aatake nito sa Gaza simula Oktubre 7, 2023. Malaking bilang sa kanila ay mga bata (14,500) at kababaihan (8,400).

# Ang mga "makasaysayang aktibidad" ng Balikatan 39-24



Sinasabi ng US na ang kasalukuyang Balikatan 39-24 ay "makasaysayan" at marami sa mga aktibidad dito ay isasagawa sa "unang pagkakataon." Kasabay nito, inianunsyo ng Armed Forces of the Philippines ang kunwa'y "pagpihit" nito sa eksternal na depensa alinsunod sa estratehiyang Comprehensive Archipelagic Coastal Defense (CACD) bilang "direktang tugon" sa "agresyon" ng China sa karagatan ng Pilipinas. Nagbigay-daan ito sa pagpwesto ng US ng opensibong mga armas, pagtambak ng dagdag pang pwersa sa bansa, at pagsasagawa ng mga mapandigmang mga maniobra sa South China Sea, lahat sa tabing ng "pagdepensa" sa Pilipinas.

Sa unang pagkakataon, dinala ng US ang Balikatan labas sa teritoryong dagat ng Pilipinas, kasama ang pwersang nabal ng France. Bago nito, isinagawa ng US ang "makasaysayang" maniobrang pandagat kasama ang Pilipinas, Australia at Japan.

"Makasaysayan" din nitong idineploy sa bansa at sa Asia ang bagong Typhon Missile System (TMS), na binubuo ng apat na *missile launcher* na may kapasidad na magpalipad ng misayl sa layong 1,600 kilometro. Ang mga *missile launcher* na ito ay sinimulang imanupaktura matapos lamang ibasura ng US noong 2019 ang Intermediate-Range Nuclear Forces Treaty, isang kasunduan sa pagitan nito at ng Russia. Tinatawag ng US na "susing bahagi" ang TMS sa binubuo nitong mga Multi-Domain Task Force o mga espesyal na yunit militar para higitan ang kapabilidad-militar ng China at Russia. Katambal ng TMS ang HIMARS na una nang idineploy sa Pilipinas noong Balikatan 2023.

Nagpasok ang US ng gawang-Israel na *missile defense system* at kaakibat nitong mga misayl na Patriot para gamiting pandepensa sa upisyal at di upisyal na mga "EDCA site." Sa unang pagkakataon, bahagi ng kasalukuyang Balikatan ang pagsasanay ng US sa mga pwersa ng AFP sa pagpapalipad ng mga *surface-to-air missile* na gagamitin sa naturang sistemang pandepensa.

Sa taong ito, buo nang pinakikinabangan ng US ang mga "EDCA site" na minadaling kumpunihin at itayo ng mga pwersa ng AFP simula maupo si Ferdinand Marcos Jr. Isa sa pinakagamit ang sibilyang paliparan sa Lallo, Cagayan, gayundin ang daungan sa dating Subic US Military Base at ang mga inilatag ng AFP na pasilidad sa Balabac Island sa Palawan at sa isla ng Mavulis sa Batanes.

**Reaksyon ng China**

Hindi alintana ng China ang opensibong katangian ng pinakahuling mga hakbang ng US sa Pilipinas at South China Sea. Inakusahan nito ang US ng paghahabol ng "unilateral na bentaheng militar" mismo sa tarangkahan nito. Tinawag nitong mapanganib ang pagpupwesto ng mga opensibong armas sa Pilipinas dahil nagpapataas ito ng posibilidad ng "maling pagtaya at miskalkulasyon." Anito, "banta sa istablidad at kapayapaan" ng rehiyon ang gayong mga hakbang.

Pinayuhan din ng China ang Pilipinas na "maging mapagbantay sa tunay na layunin ng US" at iwasang magpagamit nang hindi nito namamalayan. Anito, dapat pag-isipan ng gubyerno ni Marcos ang pagiging sunud-sunuran nito sa US sa kapinsalaan ng sarili nitong seguridad.

Mula nang isagawa ng US ang "pihit" nito sa Asia noong huling bahagi ng 2011, tuluy-tuloy nitong pinalakas at pinatatag ang dominasyon nito sa rehiyon. Pinalaki nito ang bilang ng mga tropang nakadeploy sa mga base militar nito sa Australia, Japan at Korea. Binalikan ang luma at nagpatayo ito ng mga bagong base sa Pilipinas.

Pinalaki at pinalawak ang inilunsad nitong mga *war games*. Noong 2021-2023, may naitalang 525 malaking pagsasanay militar sa South Asia, Southeast Asia at Australia. Ang 60% ng mga ito ay pinangunahan o nilahukan ng US kasama ang mga alyado nito. Nasa 87% ng malalaking pagsasanay militar sa Pilipinas ay isinagawa ng US. Susun-suson ang mga aktibidad militar ng US sa mga bansang nasa "first-island chain" o mga islang pinakamalapit sa palibot ng China.

Naging hudyat sa China ang "pagpihit" ng US sa Asia noong 2011 na patapos na ang pakikipagsabwatan ng US dito at papasok na ito sa panahon ng papaigting na kumprontasyon. Noon pa man, malinaw sa China ang estratehikong layunin ng karibal nitong imperyalista na pagharian ang Asia. Bilang kontra-hakbang, sinimulan nitong magpalawak ng presensyang militar sa South China Sea, kabilang sa malaon nang pinag-aawayang mga islang malapit sa Japan (Senseku Islands), Vietnam (Paracelis) at Pilipinas (Spratlys). AB

## Pagkakaso ng "terorismo," panggigipit sa mga progresibo

HINDI BABABA SA 12 progresibo ang sinampahan ng rehimeng Marcos ng kaso ng "terorismo" at "terrorism financing" (pagpondo sa terorismo) sa nagdaang ilang linggo. Isinampa ang mga kaso para gipitin sila at kinabibilangan nilang mga organisasyon.

Sa Quezon, sinampahan ng "terrorism financing" sina Paul Tagle, tagapagsalita ng Tanggol Quezon, at Fritz Labiano, koordineytor ng Kabataan Partylist sa prubinsya. Isinampa ang kaso sa kanila dahil sa pagbibigay ng tulong at pagkain sa mga bilanggong pulitikal noong Hulyo 2023.

Sa Negros Island, sinampahan ng katulad na kaso ang ilang dati at aktibong kasapi ng "Paghida-et sa Kauswagan" Development Group Incorporated (PDG Inc). Pinaratangan ng "terrorism financing" sina Clarissa Ramos, si Felipe Levy Gelle, Federico Salvilla, at Perla Pavillar. Kinasuhan din si Darryl Albañez, hindi kasapi ng PDG Inc pero nakikipagtulungan sa grupo sa mga aktibidad nito.

Sa Leyte, arbitraryong ipina-*freeze* o pinagbawalang magalaw ang sariling akawnt sa bangko ni Jazmin Jerusalem at ng pinamumunuan nitong Leyte Center for Development, Inc. (LCDe) noong Mayo 2. Ipinag-utos noong Abril 26 ang pag-*freeze* sa naturang mga akawnt dulot ng kasong "terrorism financing" na isinampa laban sa kanya at isa pang empleyado ng LCDe.

Sa Nueva Ecija, sinampahan naman ng kasong "terorismo" o paglabag sa Anti-Terrorism Act of 2020 sina Nathanael Santiago, Anasusa San Gabriel, Rosario Brenda Gonzales, at Servillano Luna, Jr na pawang mga aktibista at lider masa. Idinadawit sila ng mga sundalo ng 84th IB sa engkwentro nito sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Barangay San Fernando Sur, Laur, Nueva Ecija noong Oktubre 8, 2023, matapos diumanong "makilala" ng mga sundalo. May 30 pang pangalan na idinadawit sa naturang kaso.

## Mga protesta kontra Balikatan 39-24, inilunsad

SINALUBONG NG PROTESTA ng mga demokratikong organisasyon ang pagbubukas ng Balikatan 39-24 noong Abril 22. Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), nagprotesta sila sa hedkwarters ng Armed Forces of the Philippines sa Camp Aguinaldo sa Quezon City para ipatigil ang *war games* ng tropang militar ng US at Pilipinas sa bansa.

Noong Abril 26, nagmartsa patungong embahada ng US ang mga manggagawa para tuligsain ang isinasagawang Balikatan *war games*. Ang pagkilos ay pangatlo sa serye ng inilunsad ng Kilusang Mayo Uno na protesta kada Biyernes noong Abril. Nagprotesta rin malapit sa embahada ng US ang mga grupo mula sa Southern Tagalog noong Mayo 5 at mga grupo ng kababaihan noong Mayo 6.

Samantala, kinundena ng Bayan-Ilocos ang paglulunsad ng ilang bahagi ng Balikatan 39-24 sa rehiyon. Hindi bababa sa 2,000 tropang militar ng Pilipinas at US ang pumunta sa Ilocos para sa *war games*. Nakatakdang isagawa sa La Paz *sand dunes* sa Barangay La Paz, Laoag City, Ilocos Norte ang *live-fire exercises*. Nakatakda ring pasabugin at palubugin ng pwersa ng US at Pilipinas ang BRP Lake Caliraya, isang barkong *decommissioned*, sa karagatan sa tapat ng prubinsya. Lubhang apektado nito ang kabuhayan sa rehiyon, laluna ng mga mangingisda na pinatigil sa pagpalaot.

## 20th IB, salot sa mamamayan ng Northern Samar

PAPARAMING BILANG NG mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang naitatala sa mga bayan ng Northern Samar sa harap ng walang-tigil na mga operasyong kombat ng 20th IB dito. Kamakailan, naitala dito ang mga kaso ng pambobomba, pamamaril, blokeyo sa pagkain at kabuhayan at sekswal na pang-aabuso ng mga sundalo.

Sa bayan ng Las Navas, nagpaputok ng baril ang mga lasing na sundalo sa Barangay San Francisco noong Abril 9. Sa Barangay San Miguel, nagpaputok ang mga sundalo ng mortar nang bandang alas-11 ng gabi noong Marso 12 malapit sa mga kabahayan.

Sa Catubig, tinutukan ng baril at minolestiya ng isang elemento ng CAFGU, at isa pang sundalo, ang isang 15-taong-gulang na batang babae na pauwi mula sa isang sayawan sa Barangay Hinagonoyan noong Abril 12.

Samantala, patuloy na pinagbabawalan ng 20th IB ang mga magsasaka sa lahat ng barangay na sakop ng mga operasyong kombat nito na magdala ng bigas o anumang iba pang pagkain sa kanilang mga sakahan. Kinokontrol din ng mga sundalo ang galaw ng mga magsasaka at nagpapataw ng *curfew*.

Sa Davao City at Davao de Oro, ginipit at pilit "pinasusurender" ng mga sundalo ng 10th ID ang mga lider-manggagawa sa rehiyon na sina Carlo Olalo at Melodina "Melod" Gumanoy. Pinuntahan sila at kanilang mga pamilya noong Abril 23 at 26.

Sa Negros Occidental, inaresto ng 79th IB at mga pulis ang dalawang menor-de-edad na magkapatid na edad 16 at 17 sa Sityo Humayan, Barangay Pinowayan, Don Salvador Benedicto noong Abril 25. Ipinaparada sila ng 79th IB bilang mga naarestong "batang mandirigma" ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa Albay, nasugatan sa pamamaril ng mga sundalo sina Ace Diano at Francis Leteral sa Barangay del Rosario, sa Jovellar noong Abril 25. Iligal na inaresto at pinadapa din ng mga berdugo ang magtiyuhin na sina Ernesto Lumangaya at Arlan Lumangaya, ngunit nakatakas din.

## Ka Lalay, kadre ng Partido, Pulang mandirigma, at bayani ng Lumad at mamamayang Pilipino



Binigyan ng pinakamataas na parangal ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Abril 22 si Aprecia Avarez Rosete (Ka Lalay), rebolusyonaryong pinuno at kadre ng PKP na namartir noong Pebrero 27 sa Barangay Malagad, Dumingag, Zamboanga del Sur. Sa panahon ng kanyang pagkamatay, si Ka Lalay ay kagawad ng Komite Sentral ng Partido at tumatayong kalihim ng panrehiyong komite ng Partido sa Western Mindanao.

Si Ka Lalay ay isang matapat na kadre na ganap na iniukol ang sarili sa Partido mula sa pagsapi niya noong 1990. Naging kalihim siya ng komite sa subrehiyon sa ilalim ng Southern Mindanao Regional (SMR) Party Committee, pinamunuan ang komite sa edukasyon at naging myembro ng komiteng tagapagpaganap nito.

Batay sa kanyang mahusay na rekord sa SMR, itinalaga siya noong 2016 bilang kalihim ng Western Mindanao, at pinangunahan ang mga pagsisikap na daigin ang konserbatismong militar na pumipigil sa pagsulong ng armadong pakikibaka sa rehiyon. Sa taon ding iyon, nahalal siya bilang myembro ng Komite Sentral noong Ikalawang Kongreso ng Partido.

Noong Pebrero 27, bumibyahe siya sakay ng motosiklo mula sa Dumingag para magpagamot ng iniindang sakit. Nasabat siya ng 53rd IB sa daan at hinuli. Subalit sa halip na kilalanin ang kanyang mga karapatan bilang bihag sa digma o kahit maging sinasakdal, tuluyan siyang pinatay ng mga sundalo at pulis na may hawak sa kanya. Kinabukasan, inianunsyo ng militar na napatay siya sa isang engkwentro sa lugar. Itinambad ng mga pasista ang kanyang walang buhay na katawan sa isang "encounter site" na kanilang itinanghal para sa isang palabas sa midya.

Ipinanganak si Ka Lalay noong Disyembre 2, 1968 sa pamilya ng mahirap na magsasakang Manobo sa Loreto, Agusan del Sur. Sa murang edad, nakatakas siya sa tradisyunal na pyudal at patriyarkal na istruktura na naglilimita sa pag-unlad sa kababaihan. Pinasok niya ang iba't ibang trabaho upang suportahan ang kanyang pag-aaral hanggang elementarya at mataas na paaralan. Naging iskolar siya at nag-*enroll* sa University of San Carlos sa Cebu City, kung saan kumuha siya ng kurso sa *social work*.

Hindi nagtagal ay nasangkot siya sa mga isyung panlipunan nang magkaroon siya ng mas malalim na kaalaman sa pagdurusa at pang-aapi sa mga katulad niyang Lumad. Sa kabila ng mga pagkakataong gumawa ng mas magandang buhay para sa kanyang sarili, pinili ni Ka Lalay ang buhay ng paglilingkod sa iba sa pamamagitan ng pag-oorganisa at pagtulong na bigyang kapangyarihan sila. AB

## Ika-51 anibersaryo ng NDFP, ipinagdiwang

Ipinagdiwang ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang ika-51 anibersaryo nito noong Abril 24, kasama ang mga alyadong organisasyon at buong rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas at ibayong dagat. Isinagawa ang iba't ibang tipo ng mga aktibidad para gunitain ang anibersaryo. Idinaos din noong Abril 17-Abril 24 ang linggo ng paggunita sa mga rebolusyonaryong martir.

"Militanteng pagbati ang ipinapaabot namin sa alyadong mga organisasyon ng NDFP, laluna sa nakikibakang masang Pilipino na ang hindi nagmamaliw na diwa at determinasyong kamtin ang tunay na pambansang paglaya at demokrasya ay nagsisilbing hindi nasasaid na bukal ng ating rebolusyonaryong lakas," pahayag ni Ka Luis Jalandoni, Chief International Representative ng NDFP.

Sa mga pahayag, ipinaabot naman ng mga alyadong organisasyon ng NDFP ang mainit na pagbati sa anibersaryo. Binubuo ang NDFP ng 18 organisasyon. Nagpahayag din ng pakikiisa ang ilan sa mga panrehiyong balangay ng NDFP.


Binati rin ng Partido Komunista ng Pilipinas ang NDFP at sinabing sa harap ng walang-kapantay na korapsyon, pasismo at paninikluhod ng rehimeng Marcos sa imperyalistang US, mayroong higit na kakagyatang palakasin at palawakin ang NDFP at mga alyadong organisasyon nito.

Sa Europe, naglunsad ng piket, nagpinta ng mga islogan at nagtipuntipon ang mga kasapi ng Anti-Imperialist Action Ireland noong Abril.


Ipininta nila sa mga pader sa ilang syudad sa Ireland ang mga katagang "VIVA CPP-NPA-NDF" at nagladlad ng bandila ng NDFP sa kanilang mga protesta at pagkilos. Isinagawa nila ang mga aktibidad ng pakikiisa sa Wicklow, Dublin, Galway, at Waterford sa Ireland.

Samantala, nagpaskil ng isang *mural* ang Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS)-Vancouver sa Canada para ipagdiwang ang anibersaryo ng NDFP. Naglabas din ng isang bagong kanta ang FFPS para sa anibersaryo na pinamagatang "Celebrate the NDF!" AB

# ₱5.9 bilyon



na ang pinsalang dulot ng tagtuyot sa panahon ng El Niño.



Pinakasinalanta ang mga palayan at maisan sa Mindoro, Western Visayas, Cordillera at Cagayan Valley.

*Pinagkunan: Department of Agriculture, Mayo 3, 2024*

# $2.4 trilyon

kabuuang gastos militar sa mundo noong 2023, tinawag na "pinakamataas sa kasaysayan." Dulot ito ng *proxy war* ng US sa Ukraine, henosidyo ng US-Israel sa Gaza, panunulsol ng US ng gera sa Asia at iba pang bahagi ng mundo.

# 8.6%

iniulat ng PSA na tantos ng disempleyo o 6.2 milyong kabataan (15-24 taong gulang) noong Pebrero 2024. Hindi kasama dito ang 669,000 kabataang hindi na binilang at daan-daanlibo pang hindi sumasahod na "family worker."

# 13%

ang tunay na tantos na disempleyo, at hindi 3.5% na iniuulat ng gubyernong Marcos. Ibig sabihin, 7.5 milyong manggagawa (hindi 1.8 milyon) ang walang trabaho. Kabilang dito ang 1.9 milyong inilaglag sa pwersa sa paggawa, at 3.8 milyong walang sahod na *family worker*.


*Pinagkunan: Ibon Foundation*

# 832,812



- o 29.68% ng mga kawani ng gubyerno noong 2023 ang nakapailalim sa kaayusang kontraktwal at *job order*, tumaas nang 29.71% mula noong 2022.


# ₱11.93977/kwh



**ang singil ng Meralco sa Metro Manila noong Marso ngayong taon,**

halos doble kumpara sa singil na ₱6.12 kwh noong Marso 2014.


# 8,480



Palestino sa West Bank ang iligal na inaresto at idinetine ng Zionistang Israel mula Oktubre 7, 2023, dagdag sa 5,200 na dati nang ikinulong. Sa mga ito, 200 ay bata, 56 ay mamamahayag at 80 ay kababaihan.

- Inaresto ang 3,660 nang walang kaso, walang paglilitis at walang taning na ikukulong. Hindi pa kabilang dito ang dinukot at tuluyang winala ng Israel sa Gaza.

# ₱128/kilo



presyo sa pagbili sa lahat ng klase ng tabako na ilang dekada nang iginigiit ng mga magsasaka sa Ilocos. Giit din nilang tanggalin ang klasipikasyon ng tabako, at iba-ibang paraan ng pambabarat.

# Ika-40 Araw ng Cordillera, tatak ng paglaban ng Kaigorotan sa mapaminsalang mga proyekto

Dumagundong ang mga gangsa, *salidummay* at sigaw ng Kaigorotan sa pagdiriwang ng ika-40 Araw ng Cordillera sa temang "Buong tapang na isulong ang laban para sa lupa, buhay at dangal." Umabot sa 1,500 katao mula sa iba't ibang prubinsya sa rehiyon at mga organisasyon at tagapagtanggol ng karapatan ng mga pambansang minorya mula sa iba't ibang bahagi sa bansa ang nagtipon sa Sityo Liglig, Barangay Tanglag sa Lubuagan, Kalinga noong Abril 23-24.



Bago ang pagdiriwang, maraming pagtatangka ang 3rd CMO ng 103rd IB para pigilan ang mga residenteng ituloy ang pagtitipon. Nagsagawa ng "youth summit" para mamigay ng mga polyeto na naninira sa Cordillera Peoples' Alliance (CPA) at nagpaskil ng mga sako kung saan malisyosong iniugnay ang organisasyon sa armadong kilusan.

Gayunpaman, nabigo ang mga sundalo at itinuloy ng komunidad ang pagtataguyod sa pagdiriwang sa kabila ng mga pananakot at banta.

"Kilala namin ang aming kaaway, hindi ang CPA, hindi ang aming mga bisita, kundi ang mga nagpuprotekta sa mga dayuhang gustong magtayo ng dam at malaking mina dito sa aming lupang ninuno," saad ng isang lider ng komunidad.

Halos dalawang linggo nilang pinaghandaan ang pagtitipon, mula sa pagtatayo ng mga *tent*, entablado, paggawa ng mga upuan bilang sentro ng mga aktibidad, pag-aayos ng mga tulugan at pagkain, at ang araw-araw na pagbabantay sa seguridad ng lugar. Kaya kahit alam nilang maaari silang balikan at gipitin ng mga pwersa ng estado, itinaguyod pa rin nila ang pagdiriwang.

**Pagpapatuloy ng laban ni Macli-ing Dulag**

Makasaysayan ang Barangay Tanglag sa laban ng Kaigorotan sa Chico River Basin Development Project noong panahon ng diktadurang Marcos. Dito naganap ang isa sa unang bodong o konseho para sa kapayapaan noong 1974 sa pangunguna ni Macli-ing Dulag para pagkaisahin ang mga katutubo laban sa mapanirang dam. Pinaslang ng mga sundalo si Macli-ing Dulag noong April 24, 1980 sa pagtatangkang ipatigil ang laban ng Kaigorotan. Pero sa halip na matakot, nagtuluy-tuloy ang kilusang masa sa Cordillera.

Inalala ng lider ng lokal na organisayon ng Kalinga kung paano nila hinarap ang mga sundalo noong panahon ng diktadura. "Tinaboy namin ang mga tim na nagsasarbey, sinira namin yung mga kampo sa Tabuk. Mga babae ang nanguna, hindi namin pinalapit ang mga lalaki dahil siguradong dadanak ang dugo."

Dagdag pa niya, tumindi ang karahasan laban sa Kaigorotan noong huling bahagi ng dekada 1970 kung kailan simulang dumami ang itinambak na sundalo at idineklarang "free-fire zone" ang barangay. Basta na lamang binabaril ang mga tinaguriang "trespassers" na mga myembro rin ng komunidad. Dahil dito, nag-armas sila bilang milisyang bayan, at marami ang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Ayon naman sa isang pamangkin ni Macli-ing Dulag, malaking tulong ang presensya ng kabataan at taong simbahan mula noong inumpisahan ang laban sa Chico Dam. "Pumunta dito ang mga nagsasarbey, hindi naman ipinaliwanag ang magiging epekto sa amin. Kaya kami mismo, inaral namin sa tulong ng ibang organisasyon ang mga proyektong 'yan. At hanggang ngayon, patuloy naming inaaral at papanindigan na hindi dapat papasukin ang mga dam at malalaking mina na yan."

Sa kasalukuyan, 100 proyektong plantang *hydropower* o dam na ang iginawad sa iba't ibang kumpanya at aabot sa 104 ang iba't ibang aplikasyon sa pagmimina ang nakasampa sa mga ahensya ng estado. Kabi-kabilang pagtatangka at iskema ang ginagawa ng National Commission on Indigenous Peoples para hatiin ang pagkakaisa ng mga katutubo tulad ng laganap na pananakot at pagbabanta sa mga lider-katutubo. Ang mga ito ay sinikap pinangingibabawan ng iba't ibang tribu sa Cordillera.

Sa kabila ng mga pananakot sa mga lider at maging sa kanilang mga pamilya, ipagpapatuloy nila ang kanilang paglaban sa mapanirang mga proyekto.

"Hangga't may puso tayong tumitibok, may epekto talaga sa iyo ang pananakot pero hindi dapat umabot sa puntong matatakot at titigil ka," deklara ng isang sa mga kinikilalang lider ng malawak ng alyansang nabuo sa Cordillera. "May kaakibat talagang sakripisyo ang pagtatanggol sa lupang ninuno, at tulad nang ginawa ng mga nauna sa amin, handa ang Kaigorotang harapin ang mga ito," aniya. AB

# Hindi mapipigilan ang tagumpay ng armadong kilusan ng mga mamamayan sa Myanmar

Sunud-sunod na tagumpay ang nakamit ng mga armadong grupo ng pambansang minorya at mamamayang lumalaban sa iba't ibang rehiyon sa Myanmar laban sa pasistang huntang Tatmadaw. Mula sa hiwa-hiwalay na mga pagsisikap, papataas ang pagkakaisa at koordinasyon ng mga armadong grupong kontra-hunta. Umarangkada ang  sabay-sabay at sa ilang bahagi ay koordinado nilang mga opensiba mula huling bahagi ng 2023. Tiwala silang signipikante nilang mapahihina, kundiman tuluyang mapababagsak, ang kinamumuhiang rehimen ngayong taon.



Lumalaban na ang mga pambansang minorya sa pasistang militar ng Myanmar bago pa man ang kudeta noong Pebrero 2021 na nagpatalsik sa sibilyang gubyerno ni Aung San Suu Kyi.  Sa matagal na panahon, inilunsad ng mga ito ang armadong pakikibaka sa mga estado ng Kayin at Kachin sa silangang bahagi; sa estado ng Rakhine na bumubukas sa Indian Ocean; at sa hilagang estado ng Shan, na may hangganan sa China. Matapos ang kudeta, lumaban na rin ang mga pambansang minorya sa mga rehiyon ng Sagaing at Magway, gayundin sa estado ng Chin sa hilagang-kanlurang bahagi, at ang mga pambansang minorya sa estado ng Karen (tinatawag ding Kayah) sa may hangganan ng Thailand. Ang mga grupong ito ay ilan lamang sa mahigit 20 armadong grupong etnolingwistiko na umiiral sa Myanmar sa kasalukuyan. Marami sa kanila ay ilang dekada nang nakikibaka para sa karapatan sa pagpapasya-sa-sarili laban sa pambansang pang-aapi ng reaksyunaryong estado at militar ng Myanmar.

Noong 2023, malaki ang nabawing teritoryo ng Three Brotherhood Alliance mula sa mga pwersa ng hunta. Ito ay matapos nilang inilunsad ang Operation 1027 mula Oktubre sa naturang taon. Naagaw ng alyansa mula sa mga pwersa ng hunta ang mahahalagang bayan sa hangganan ng Myanmar at China kung saan dumadaloy ang kalakalan sa pagitan ng dalawang bansa. Daan-daang detatsment at kampo ang nagapi ng koordinadong mga atake sa loob ng unang 10 araw ng opensiba. Libu-libong sundalo, kabilang ang ilang matataas na upisyal ng Tatmadaw, ang sumuko sa alyansa.

Malawak na teritoryo rin ang napalaya ng Karen National Union at Karenni Nationalities Defense Forces mula nang ilunsad nito ang Operation 1111 noong Nobyembre 2023.  Katuwang ang ibang armadong grupo, naagaw nito ang mahahalagang institusyon at ahensya, kabilang ang himpilan ng pulis sa Loikaw, ang  sentro ng estadong Karen noong Disyembre 2023. Noong Abril 24, idineklara ng Karenni State Interim Executive Council na nasa kontrol na nito ang 90% ng estado.

Kasabay na lumalakas ang paglaban ng Chinland Defense Forces para patalsikin ang pwersa ng hunta sa kanilang teritoryo. Noong Abril 29, naagaw nito ang hedkwarters ng batalyon ng Tatmadaw na kumukontrol sa bahagi ng ilog Irrawady na susi sa paglabas-masok sa kabisera ng Kachin.

Sa Naypyitaw, Yangon at iba pang sentrong urban ng bansa, umarangkada rin ang mga atake ng People's Defense Forces (PDF), ang armadong grupong itinayo ng National Unity Government mula sa mga grupong kabataan at aktibista. Noong Abril 5, koordinadong sinalakay ng PDF gamit ang 28 "kamikaze drone" ang bahay ng pinuno ng hunta na si Min Aung Hlaing, ang pangunahing himpilan ng militar at isang mayor na *airbase*, sa kapital na Naypyitaw. Bago nito, marami nang kampo, detatsment at tsekpoynt ang nagapi ng mga armadong grupo gamit ang maliliit na *drone*.

Nagagawa ang malawakan at masisinsing opensiba dulot ng  suportang tinatamasa ng mga armadong grupong mula sa mga demokratikong sektor ng mayoryang mamamayang Bamar, at mga grupong pambansang minorya. Gamit ang kumbinasyon ng regular at gerilyang pakikidigma, nagagawa nilang batakin ang mga pwersa ng Tatmadaw at paduguin ito sa iba't ibang bahagi.

Bilang tugon, pinatindi pa ng pasistang Tatmadaw ang mga pananalakay nito sa mga estadong pinakamalakas ang paglaban. Gamit ang mga eroplano, helikopter at *drone*, walang patumangga itong nambobomba at nananalakay ng mga sibilyang komunidad. Nagdulot ang mga ito ng pagbakwit ng 2.8 milyong indibidwal at pagkamatay ng di bababa sa 6,000 sibilyan kabilang ang maraming bata at kababaihan. Tinatayang 25,000 na ang arbitraryong inaresto ng hunta mula 2021. AB